Mga Dapat Tandaan

- Unahing gamutin ang mga sugat bago ang bali o pilay
- Patigilin ang pagdugo at tingan ang pasyente kung humihinga pa.
- Kailangan ng maraming katulong sa pagbuhat o paglipat sa pasyenteng may bali o pilay.

Mga Dapat Gawin o Bantayan sa paglagay ng Suporta

1. Ang pang suporta kailangan pareho ng laki sa pasyente
2. Lagyan sapin ang pagitan ng balat at sa kahoy
3. Hayaang libre ang mga daliri sa kamay at paa
4. Gamitan ng panali na katulad ng damit pang-itaas, malalaking panyo o tela para hindi gumalaw.
5. Huwag Higpitan ang pagtali, para hindi mapigilan ang pag-circulate ng dugo
6. Kung mahigpit ang pagkakatali, ang mga daliri ay maaring manlamig, mangitim at mamanhid ito. Luwagan agad ang tali o benda pag nakita na ang ganitong senyales.

Roma 3:23, Lukas 13:3, Roma 6:23, Prov 28:13; 1 Juan 1:9; Acts 4:12; Juan 3:18; Juan 1:12

MATI BAPTIST HOSPITAL
CHILD CARE HEALTH CARE AND NUTRITION GARDENING EVANGELISM SANITATION
CHANGES
Alang sa Maayong Panglawas ug Kinabuhi

Disclaimer: The health care guidelines in this booklet are not intended as a substitute for professional care. These guidelines will not ensure successful treatment in every situation. Nor should they be considered inclusive or exclusive of other methods of care. These guidelines should be used in consultation with a physician in light of all circumstances presented by an individual patient. If you have or suspect you have a medical problem, you should consult a healthcare provider.

Bali o Pilay

Book 13



Baling Buto o Pilay

Kung ang buto ay nabali o natapilok, ang tawag dito ay pilay. Halimbawa may nahulog at nabalian o napilay, ito ang dahilan upang:

1. Ang taong naaksidente ay hindi maigalaw ang kamay o paa.
2. Masyadong masakit kung ito'y ginagalaw.
3. Masakit din ito kapag nadiinan ang parteng may pilay.
4. Wala sa porma ang paa o kamay.



Mga dahilan ng pilay o bali:
Nahulog galing sa taas
Naaksidente sa sasakyan
Nabagsakan ng mabigat na bagay
Kapag natamaan ang buto ng bala o pako.



Bali sa leeg o likod

Huwag galaw-galawin ang leeg o likod. Huwag galawin o kahit itagalid man lang. Ingatan ng mabuti na hindi magalaw ang leeg. Kung hindi nya maigalaw ang mga daliri sa kamay at paa, maaring naapektuhan ang spinal cord niya. Bago galawin ang pasyente, kumuha muna ng matibay na bagay o kahoy na kasing laki at lapad sa katawan ng pasyente. Lagyan ng sapin na damit o kumot ang matigas na bagay o kahoy bago ilagay ang pasyente ng dahan-dahan. Humingi ng tulong sa pag-lipat o pag-buhat. Kailangan ng apat o higit na mga tao. Buhatin ng sabay-sabayat kailangan na tuwid o diretso ang kanyang katawan. Lagyan ng bag na may buhangin o palay ang magkabilang bahagi ng ulo para mai-tuwid at hindi gumalaw ang ulo. Kailangan talian at dalhin agad sa ospital.



Bali sa Ibabaw ng Hita

I-ayos ng dahan-dahan ang paa.

Kumuha ng dalawang maayos at malapad na pang-suporta. Ang isa sa labas at ang isa sa loob.

Itali sa:

— paikot sa may bukong-bukong
— paikot sa may tuhod
— paikot sa may hita o pige
— paikot sa may baywang
— paikot sa may ibaba ng kili-kili

Siguruhing maayos ang mga suport lalo na sa ilalim ng kili-kili.

Klase ng pilay o bali

1. Hindi makitang
   Palatandaan:
   Ang pilayo bali ay nasa loob, walang sugat o dugo na makita.

2. Nakikitang
   Palatandaan:
   May sugat at ang buto ay umusli at dumudugo.
   Ito'y grabeng klase ng pilayo bali.



Mga tanda ng pilay na 'di nakikita



1. Hindi maigalaw ang parteng masakit
2. Masakit masyado kapag nagalaw ang parteng may pilay o bali.
3. Masakit din kapag nadiinan o nagalaw.
4. Wala sa tamang porma ang apektadong parte.
5. Namamaga
6. Nangingitim o namamaga ang parteng nabugbog.
7. Walang sugat o hindi dumudugo.

Bali sa ibaba ng binti



I-ayos o ibalik sa tama o normal na posisyon.

Ilagay o i-patong ang binti (leg) sa ibabaw ng sapin. Lagyan ng suporta ang magkabilang gilid.

Talian ng ginupt na tela.



Bali sa Tuhod

I-ayos ng dahan-dahan ang binti at paa.

Lagayan ng malapad na kahoy sa ilalim ng paa. Talian ito ng benda, sa may sakong, ibaba at ibabaw ng tuhod at sa palibot sa taas ng binti.

Huwag takpan ang tuhod.

Pilay sa balikat

Malalaman na may pilay kung naapektuhan pati ang baba ng kabilang balikat o hindi maitaas ang braso.

Malalaman ito agad dahil sa baba lang ito ng kabilang balikat.

Ilagay ang braso sa may dibdib at lagyan ng malapad na benda o “sling”.

Ang palad ay nakaharap sa dibdib.

Mataas ng konti ang kamay kesa siko.

Suportahan ng malapad na tali o benda.

Talian ng tela ang katawan para ang braso ng may pilay ay naka pirmi.

Mga tanda ng pilay na litaw o nakikita

1. Mayroong sugat
2. May butong umusli sa sugat
3. Walang tigil ang dugo
4. Maaring kabahan ang biktima
5. Madaling maimpeksyon dahil may sugat at ang buto ay umusli.
6. Madaling maimpeksyon ang sugat kung ang buto ay may bali o nakalabas.



Mga dapat gawin sa unang klase ('di nakikita)

1. Huwag hilutin
2. Huwag gagalawin kung walang suporta
3. Kung kinakabahan huwag pabayaan.
4. Dalhin sa ospital ang naaksidente.

Bali sa ibabang parte ng braso

Dahan-dahang ituwid ang braso.

Lagyan ng malapad na suporta isa sa ibabaw at isa sa ilalim.

Talian ang suporta para di matanggal-tanggal.

Ilagay ang braso sa may dibdib at lagyan ng malapad na benda o "sling". Ang palad ay nakaharap sa dibdib.

Pangsuporta sa braso



Lagyan ng tinuping tela ang kili-kili.
Paano malalaman na pilay o may bali sa braso:

1. Ibalik sa tamang posisyon.
2. Maglagay ng suporta sa may itaas ng braso
3. Lagyan ng benda ang braso
4. Suportahan ang ibabang bahagi ng braso (sling)

Mga dapat gawin sa pangalawang klase (may sugat)

1. Unahing asikasuhin ang sugat.
2. Diinan ng malinis na tela ang sugat para matigil ang pagdudugo.
3. Huwag hahatakin o hihilahin ang buto.
4. Takpan ang sugat ng malinis na tela.
5. Lagyan ng suport ang kahoy.
6. Dalhin agad sa ospital.





Mga pang suportang kahoy

Ang dahilan ng paglagay ng suporta ay para mailagay sa tamang lugar at ‘di magalaw ang parteng may pilay ng pasyente. Ito ang magpipirme sa tamang pwesto habang hindi pa dinadala ang pasyente sa ospital.

Kung ang parteng nabali ay may pang-pirme,. Walang gaanong mararamdamang sakit kahit na siya’y itayo o ilipat ng lugar.

Ang suporta ay dapat ilagay bago pa buhatin o itayo ang taong nabalian.

Ang mga sumusunod ay mga bagay na pwedeng gamiting pang suporta:

Kahoy
Puno ng saging
Sanga ng kahoy
Kawayan
Unan
Payong
Tinuping makapal na tela
Tinuping kumot